Ang Kaaway sa Loob

Liksyon 6, Q4, Nobyembre 01-Nobyembre 07, 2025

Hapon ng Sabbath Nobyembre 1

Talatang Sauluhin:

" Akong Panginoon, ay sumisiyasat ng pagiisip, aking tinatarok ang mga puso, upang magbigay sa bawa't tao ng ayon sa kanikaniyang lakad, ayon sa bunga ng kanikaniyang mga gawain." KJV - Jeremias 17:10

“Ang mga salita ng apostol ay isinulat upang magbigay-turo sa mga mananampalataya sa lahat ng panahon, at ito'y may natatanging kabuluhan para sa mga nabubuhay sa panahong 'ang wakas ng lahat ng mga bagay ay malapit na.' Ang kanyang mga tagubilin, mga babala, at mga salita ng pananampalataya at lakas ng loob ay kailangan ng bawat isa na nagnanais mapanatili ang pananampalataya 'hanggang sa katapusan' (Hebreo 3:14)." —AA 518.1

"Layunin ng apostol na ituro sa mga mananampalataya kung gaano kahalaga ang pagpigil sa pag-iisip na huwag maligaw sa mga ipinagbabawal na bagay o maaksaya sa mga walang saysay na paksa. Ang sinumang ayaw maging biktima ng mga silo ni Satanas ay dapat magbantay nang mabuti sa mga pintuan ng kaluluwa. Dapat niyang iwasan ang anumang binabasa, pinapanood, o pinakikinggan na magbubunsod ng maruruming kaisipan. Ang isipan ay hindi dapat hayaang matuon sa bawat paksa na inihahain ng kaaway. Kailangang bantayan ng tapat ang puso, sapagkat kapag pinabayaan ito, ang kasamaan sa labas ay maaaring makagising sa mga natatagong kasamaan, at ang kaluluwa ay maliligaw sa kadiliman. Sinabi ni Pedro: 'bigkisan ang mga baywang ng inyong pagiisip, na maging mapagpigil kayo at inyong ilagak na lubos ang inyong pagasa sa biyayang dadalhin sa inyo sa pagkahayag ni Jesucristo.... na huwag kayong mangagasal na ayon sa inyong dating mga masasamang pita nang kayo'y na sa kawalang kaalaman: Nguni't yamang banal ang sa inyo'y tumawag, ay mangagpakabanal naman kayo sa lahat ng paraan ng pamumuhay; Sapagka't nasusulat, Kayo'y mangagpakabanal; sapagka't ako'y banal." —AA 518.2; 1Pet 1:13-16

Linggo Nobyembre 2

Paglabag sa Tipan

Basahin ang Josue 7. Ano ang dalawang pangunahing dahilan ng pagkatalo ng Israel sa mga naninirahan sa Ai?

“Ang dakilang tagumpay na ibinigay ng Diyos sa kanila ay nagdulot sa mga Israelita ng labis na pagtitiwala sa sarili. Dahil ipinangako Niya sa kanila ang lupain ng Canaan, nakadama sila ng kasiguruhan at hindi nila naunawaan na ang banal na tulong lamang ang makapagbibigay sa kanila ng tagumpay. Maging si Josue ay gumawa ng sariling mga plano para sa pagsakop sa Ai nang hindi humihingi ng patnubay mula sa Diyos.” —PP 493.4

“Sinimulan ng mga Israelita na ipagmalaki ang kanilang sariling lakas at tingnan nang may paghamak ang kanilang mga kaaway. Inasahan nila ang isang madaliang tagumpay, at inisip nilang tatlong libong lalaki ay sapat na upang sakupin ang lugar. Ang mga ito ay mabilis na sumugod sa labanan nang walang katiyakan kung ang Diyos ay sasama sa kanila. Nakalapit na sila halos sa tarangkahan ng lungsod, ngunit sinalubong sila ng matinding paglaban. Dahil sa takot sa dami at kahandaan ng kanilang mga kaaway, sila’y nagtakbuhan pababa sa matarik na burol sa gitna ng kaguluhan. Hinabol sila ng mga Cananeo; “hinabol nila sila mula sa harap ng pintuang-bayan hanggang sa Sebarim, at sinaktan sila sa babaan.” Bagaman tatlumpu’t anim lamang ang napatay, ang pagkatalo ay labis na nakapanghihina ng loob sa buong bayan. “Ang mga puso ng mga tao ay natunaw at naging gaya ng tubig.” Ito ang unang pagkakataon na nakaharap nila ang mga Cananeo sa aktuwal na labanan, at kung sila ay tumakbo na sa harap ng mga tagapagtanggol ng maliit na bayang ito, ano pa kaya ang mangyayari sa mas malalaking labanan sa hinaharap? Itinuring ni Josue ang kabiguang ito bilang tanda ng di-pagkagalak ng Diyos, kaya sa matinding dalamhati at pagkabahala ay “hinapak ni Josue ang kaniyang mga suot, at nagpatirapa sa lupa sa harap ng kaban ng Panginoon hanggang sa kinahapunan, siya at ang mga matanda ng Israel; at sila'y nagsipagbuhos ng alabok sa kanilang ulo.” —PP 493.5; Jos 7:6

“Ang tugon ng Panginoon ay, ‘Bumangon ka; bakit ka nagpatirapa ng ganito?

Ang Israel ay nagkasala; oo, kanilang sinalangsang din ang aking tipan na aking iniutos sa kanila. Panahon iyon ng mabilis at matibay na pagkilos, hindi ng pagdadalamhati o kawalang pag-asa. Mayroong lihim na kasalanan sa kampo, at kailangang hanapin at alisin ito bago muling sumama ang presensiya at pagpapala ng Panginoon sa Kanyang bayan. ‘Ako'y hindi na sasa inyo pa, maliban sa inyong sirain ang itinalagang bagay sa gitna ninyo.” —PP 494.2

“Ang utos ng Diyos ay sinuway ng isa sa mga hinirang upang isakatuparan ang Kanyang mga hatol. At ang buong bansa ay itinuring na may pananagutan sa kasalanan ng nagkasala: ‘ Sila'y kumuha rin sa itinalagang bagay, at nagnakaw rin, at nagbulaan din;.’ Binigyan ng tagubilin si Josue kung paano matutuklasan at mapaparusahan ang nagkasala. Ang pamamaraan ng palabunutan ang gagamitin upang matukoy ang maysala. Hindi agad itinuro ng Diyos kung sino ang nagkasala, kundi iniwan muna ito sa pagkakaalinlangan upang madama ng bayan ang kanilang pananagutan sa kasalanang nasa kanilang kalagitnaan, at sa gayon ay madala sila sa pagsusuri ng sarili at pagpapakumbaba sa harap ng Diyos.” —PP 494.3

Lunes Nobyembre 3

Ang Kasalanan ni Acan

Basahin ang Josue 7:16–19. Ano ang sinasabi sa atin ng buong pamamaraan tungkol sa Diyos at kay Achan?

“Maagang-maaga kinabukasan, tinipon ni Josue ang buong bayan ayon sa kanilang mga lipi, at nagsimula ang solemne at kahindik-hindik na seremonya. Isa-isang isinagawa ang pagsisiyasat. Lalong lumapit nang lumapit ang nakakatakot na pagsusulit. Una, ang lipi; pagkatapos ang pamilya; kasunod ang sambahayan; at sa huli, ang tao mismo ang natukoy. At itinuro ng daliri ng Diyos si Acan na anak ni Carmi, mula sa lipi ni Juda, bilang siyang naging sanhi ng kaguluhan sa Israel.” —PP 495.1

“Upang mapatotohanan nang walang pag-aalinlangan ang kanyang pagkakasala, at upang walang puwang sa pag-aakusa na siya’y hinatulang di-makatarungan, taimtim na inutusan ni Josue si Acan na ipagtapat ang katotohanan. Lubos na inamin ng kaawa-awang lalaki ang kanyang kasalanan: ‘Nang aking makita sa samsam ang mainam na balabal na yaring Babilonia, at ang dalawang daang siklong pilak, at ang isang dila na ginto, na limang pung siklo ang timbang, ay akin ngang inimbot, at aking kinuha; at, narito, nangakukubli sa lupa sa gitna ng aking tolda.’ Kaagad na pinapunta ni Josue ang mga sugo sa tolda ni Acan, at inalis nila ang lupa sa tinukoy na lugar, at ‘narito, natagpuan nila itong nakatago sa kanyang tolda, at ang pilak ay nasa ilalim nito. At kinuha nila ang mga iyon mula sa gitna ng tolda, at dinala kay Josue, ... at inilatag sa harap ng Panginoon.’” —PP 495.2

“Agad ipinahayag at isinagawa ang hatol. Sinabi ni Josue, ‘Bakit mo kami binagabag? babagabagin ka sa araw na ito ng Panginoon.’ Yamang ang buong Israel ay itinuring na may pananagutan sa kasalanan ni Acan at nakaranas ng mga bunga nito, sila, sa pamamagitan ng kanilang mga kinatawan, ay kailangang makibahagi sa pagpaparusa sa kanya. 'At binato ng buong Israel si Acan hanggang sa siya'y mamatay.'" —PP 495.3

"Ipinahahayag nating tayo ay pinamumunuan ng gayunding mga prinsipyo at pinupukaw ng gayunding espiritu. Ngunit sa halip na ibigay ang lahat para kay Cristo, marami ang kumukuha ng pirasong ginto at magandang kasuutang Babilonya at itinago ito sa kampo. Kung ang presensiya ng isang Acan lamang ay sapat na upang pahinain ang buong kampo ng Israel, dapat pa ba tayong magtaka kung bakit kakaunti lamang ang tagumpay ng ating mga pagsisikap, samantalang halos bawat iglesia at halos bawat pamilya ay may sari-sariling Acan?" —5T 157.1

"Ang galit ng Diyos ay nasa Kanyang bayan, at hindi Niya ipapakita ang Kanyang kapangyarihan sa gitna nila habang may mga kasalanang nananatili at pinangangalagaan ng mga taong may pananagutang tungkulin." —3T 270.2

Martes Nobyembre 4

Mahalagang mga Pagpili

Basahin ang Josue 7:19–21. Ano ang hinihiling ni Josue kay Acan na gawin? Ano ang kahalagahan ng gayong kahilingan? Paano natin nauunawaan ang kanyang pag-amin?

"Ang kasalanan ni Acan ay ginawa niya sa kabila ng malinaw at pinakamahigpit na babala, at matapos ipakita ng Diyos ang Kanyang kapangyarihan. 'At kayo, sa anomang paraan ay magsipagingat sa itinalagang bagay; baka pagka naitalaga na sa inyo ay kumuha kayo sa itinalagang bagay. Ang utos na ito ay ibinigay kaagad pagkatapos ng kamangha-manghang pagtawid sa Ilog Jordan, kasunod ng pagkilala sa tipan ng Diyos sa pamamagitan ng pagtutuli ng buong bayan—pagkatapos ding maisagawa ang Paskua at magpakita ang Anghel ng tipan, ang Pinuno ng hukbo ng Panginoon. Ang lahat ng ito ay sinundan ng pagbagsak ng Jerico, na nagpapatunay sa kapahamakan na tiyak na sasapit sa lahat ng lumalabag sa kautusan ng Diyos. Ang katotohanang ang banal na kapangyarihan lamang ng Diyos ang nagbigay ng tagumpay sa Israel—na hindi nila nasakop ang Jerico sa pamamagitan ng sarili nilang lakas—ay nagbigay ng mabigat na kahulugan sa Kanyang utos na huwag silang kukuha ng anuman sa mga nasamsam. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kanyang salita, winasak ng Diyos ang matibay na lungsod na iyon; ang tagumpay ay Kanya, at sa Kanya lamang dapat italaga ang lungsod pati na ang lahat ng nilalaman nito." —PP 495.5

"Sa milyon-milyong Israelita, isa lamang ang taong nangahas na suwayin ang utos ng Diyos sa oras ng gayong solemne at makapangyarihang tagumpay. Napukaw ang kasakiman ni Acan nang makita niya ang mamahaling kasuutan mula sa Shinar; at kahit harap-harapan na siyang nakaharap sa kamatayan, tinawag pa rin niya itong 'magandang kasuutang Babilonya.' Mula sa isang kasalanan ay sumunod ang iba pa—kinuha niya ang ginto at pilak na itinalaga para sa kabang-yaman ng Panginoon; ninakawan niya ang Diyos ng mga unang bunga ng lupain ng Canaan." —PP 496.1

"Ang nakamamatay na kasalanang nagdala sa pagkawasak ni Acan ay nag-ugat sa kasakiman—isa sa mga pinakakaraniwang kasalanan at kadalasang hindi gaanong pinapansin. Habang ang ibang mga pagkakasala ay natutuklasan at napaparusahan, bihirang-bihira na ang paglabag sa ikasampung utos ay mapansin man lamang o mapuna. Ang bigat ng kasalanang ito at ang nakapangingilabot nitong mga bunga ay siyang mga aral na makukuha sa kasaysayan ni Acan." —PP 496

Miyerkules Nobyembre 5

Ang Pinto ng Pag-asa

Basahin ang Josue 8:1–29. Ano ang sinasabi ng kuwentong ito tungkol sa kung paano maaaring gawing pagkakataon ng Diyos ang ating pinakamatinding mga kabiguan?

“Matapos isagawa ni Josue ang hatol ng Diyos kay Acan, at sa gayon ay naialis ang poot ng Diyos mula sa Israel, inutusan siya na tipunin muli ang lahat ng mga mandirigma at muling sumulong laban sa Ai. Ngayon, ang mga hukbo ng Langit mismo ang nakipaglaban para sa Israel, at ang kanilang mga kaaway ay tumakas sa harap nila.” —ST Mayo 12, 1881, talata 1

“Dahil batid ni Josue na ang tanging pag-asa nila ay nasa pagsunod sa Diyos, tinipon niya ang buong bayan ayon sa utos ni Moises, at ipinaalala sa kanila ang mga pagpapalang tatamuhin nila kung susunod sila sa kautusan, at ang mga sumpang darating sa kanila kung ito’y kanilang babale-walain. Pagkatapos ay inulit niya sa harap nila ang kautusang may sampung utos, gayon din ang lahat ng mga alituntunin at tagubilin na isinulat ni Moises. Muling pinangunahan ni Josue ang Israel sa pakikidigma laban sa kanilang mga kaaway. At muling kumilos ang Panginoon sa makapangyarihang paraan para sa Kanyang bayan, at ang kanilang mga hukbo ay sumulong nang may bagong tapang sa bawat tagumpay.” —ST Mayo 12, 1881, talata 2

“Ang isang makasalanan ay maaaring magpalaganap ng kadiliman na siyang hahadlang sa liwanag ng Diyos na magliwanag sa buong kapulungan. Kapag napansin ng bayan na ang kadiliman ay dumarating sa kanila at hindi nila alam ang dahilan, dapat silang manikluhod sa Diyos nang taimtim, may malalim na kababaan ng loob at pagpapakumbaba, hanggang sa matuklasan at maalis ang mga kamaliang nagpapalumbay sa Kanyang Espiritu.” —3T 265.1

Huwebes Nobyembre 6

Isang Saksi sa Kapangyarihan ng Diyos

Basahin ang Josue 7:6–9, na tumatalakay sa unang reaksyon ni Josue sa sakunang dumating sa kanila. Ituon ang pansin lalo na sa Josue 7:9. Anong mahalagang teolohikal na prinsipyo ang makikita sa kanyang mga salita?

“Ninais ni Acan at lihim na itinago ang isang piraso ng ginto at isang magandang kasuutang Babilonya na nasamsam mula sa mga kaaway. Ngunit ang Panginoon ay naghayag na ang lungsod ng Jerico ay sinumpa at inutusan ang bayan na huwag kumuha ng anuman mula sa samsam ng kanilang mga kaaway para sa sariling gamit. ‘At kayo, sa anomang paraan ay magsipagingat sa itinalagang bagay; baka pagka naitalaga na sa inyo ay kumuha kayo sa itinalagang bagay; sa gayo'y inyong ipasusumpa ang kampamento ng Israel, at inyong babagabagin. Nguni't lahat na pilak, at ginto, at mga sisidlang tanso at bakal, ay banal sa Panginoon: pawang ipapasok sa silid ng kayamanan ng Panginoon.” 4T 491.1

“Ngunit si Acan, mula sa lipi ni Juda, ay kumuha sa itinalagang bagay, at ang galit ng Panginoon ay nagningas laban sa mga anak ni Israel. Nang lumabas ang mga hukbo ng Israel upang lumaban sa kanilang mga kaaway, sila ay natalo at napaurong, at ilan sa kanila ay napatay. Ito ay nagdulot ng labis na panghihina ng loob sa buong bayan. Si Josue, ang kanilang pinuno, ay lubhang naguluhan at nalito. Sa matinding pagpapakumbaba, siya ay nagpatirapa sa lupa at nanalangin: ‘Ay, Oh Panginoong Dios, bakit mo pinatawid ang bayang ito sa Jordan, upang ibigay kami sa kamay ng mga Amorrheo, na ipalipol kami? nakatigil sana kaming masaya at nakatahan sa dakong yaon ng Jordan! Oh Panginoon, anong aking sasabihin pagkatapos na ang mga anak ng Israel ay makatalikod sa harap ng kanilang mga kaaway! Sapagka't mababalitaan ng mga Cananeo at ng lahat na nananahan sa lupain, at kami ay kukubkubin at ihihiwalay ang aming pangalan sa lupa: at ano ang iyong gagawin sa iyong dakilang pangalan?” 4T 491.2

“Ang tugon ng Panginoon kay Josue ay: ‘Bumangon ka; bakit ka nagpatirapa ng ganito? Ang Israel ay nagkasala; oo, kanilang sinalangsang din ang aking tipan na aking iniutos sa kanila; oo, sila'y kumuha rin sa itinalagang bagay, at nagnakaw rin, at nagbulaan din; at sila'y naglagay rin sa kanilang sariling daladalahan.” Ninakaw ni Acan ang mga bagay na itinalaga para sa Diyos at para sa Kanyang kabang-yaman; nagsinungaling din siya, sapagkat nang makita niyang nagkakagulo ang kampo ng Israel, hindi niya ipinagtapat ang kanyang kasalanan, gayong alam niyang inulit ni Josue sa bayan ang mga salita ng Panginoon—na kung may kukuha ng mga bagay na inilaan sa Diyos, ang kampo ng Israel ay malalagay sa kaguluhan.” —4T 492.1

“Habang nagagalak si Acan sa mga inangkin nya ng di tapat, bigla siyang nabahala nang mabalitaan niyang magkakaroon ng pagsisiyasat. Siya’y nabagabag at paulit-ulit niyang sinasabi sa sarili: ‘Ano bang pakialam nila? Ako ang mananagot sa aking ginawa.’ Nagkukunwari siyang matapang at sa harap ng lahat ay mariing hinahatulan ang taong nagkasala. Kung siya lamang ay umamin, maaring siya’y naligtas; ngunit ang kasalanan ay nagpapapatigas ng puso, at patuloy niyang itinatanggi ang kanyang kasalanan. Dahil sa dami ng tao, inakala niyang makalulusot siya. Gumamit ng palabunutan upang matukoy ang nagkasala; at ang kapalaran ay bumagsak sa lipi ni Juda. Nagsimulang kumabog nang mabilis ang puso ni Acan sa takot, sapagkat siya’y kabilang sa liping iyon; gayunman, inaliw pa rin niya ang sarili na siya’y makaliligtas. Muling inihagis ang palabunutan, at natukoy ang pamilya na kanyang kinabibilangan. Sa maputla niyang mukha ay nabasa ni Josue ang bigat ng kanyang kasalanan. Muli pang inihagis ang palabunutan, at itinuro siya bilang ang salarin. Doon siya tumayo—itinuturo ng daliri ng Diyos bilang ang nagkasala na naging sanhi ng lahat ng kaguluhang ito.” —4T 492.2

Biyernes Nobyembre 7

Karagdagang Kaisipan

“Kung noong si Achan ay tuksuhin at siya ay sumuko, tinanong siya kung nais ba niyang magdala ng pagkatalo at kamatayan sa kampo ng Israel, tiyak na sasagot siya: ‘Hindi, hindi! Ako ba’y aso upang gawin ang ganitong malaking kasamaan?’ Ngunit siya ay nagtagal sa tuksong iyon upang masiyahan ang kanyang kasakiman; at nang dumating ang pagkakataon, siya ay lumampas pa sa kanyang orihinal na nilayon sa kanyang puso. Sa ganitong paraan din eksaktong nahihila ang mga indibidwal na kasapi ng iglesia nang hindi nila namamalayan na kanilang pinipighati ang Espiritu ng Diyos, dinadaya ang kanilang mga kapwa, at dinadala ang pagkapoot ng Diyos sa iglesia. Walang sinumang nabubuhay para sa kanyang sarili lamang. Dala ng kasalanan ng isang tao ang kahihiyan, pagkatalo, at kamatayan sa Israel. Ang proteksiyong dati nang sumasaklaw sa kanila sa panahon ng labanan ay binawi. Iba't ibang kasalanan na pinananatili at isinasagawa ng mga nagpapanggap na Kristiyano ang nagdadala ng pagngangalit ng Diyos sa Kanyang iglesia. Sa araw na buksan ang Talaan ng Langit, hindi na kailangang bigkasin pa ng Hukom ang hatol sa tao, kundi sa isang matalim at nanunuring tingin, bawat gawa, bawat pangyayari ng buhay ay malinaw na magbabalik sa alaala ng nagkasala. Hindi na kailangang hanapin pa siya, gaya noong panahon ni Josue, mula sa tribo hanggang sa pamilya, sapagkat ang kanyang sariling mga labi ang aamin ng kanyang kahihiyan, kasakiman, pagnanasa, pandaraya, pagkukunwari, at pandarambong. Ang kanyang mga kasalanang itinago ay mahahayag ng lantaran sa mga tao." 4T 492.3

"Ang impluwensiyang pinakakatatakutan ng iglesia ay hindi yaong mula sa hayagang mga kaaway, mga walang pananampalataya, o mga mapanglapastangan, kundi yaong mula sa mga di-tapat na nagpapanggap na tagasunod ni Cristo. Sila ang mga humahadlang sa pagpapala ng Diyos ng Israel at nagdadala ng kahinaan sa iglesia—isang kahihiyang hindi madaling maalis. Samantalang si Josue ay nakadapa sa lupa, ibinubuhos ang kanyang kaluluwa sa Diyos na may matinding dalamhati at luha, ang utos ng Diyos ay isang saway: 'Bumangon ka; bakit ka nagpatirapa ng ganito?" 4T 493.1

"Ang mga tanyag na iglesia ay punô ng mga taong bagaman nagpapanggap na naglilingkod sa Diyos, ay mga magnanakaw, mamamatay-tao, mapangalunya, at mapakiapid; ngunit yaong mga nagsasabing taglay nila ang mababang pananampalataya ay dapat mamuhay sa mas mataas na pamantayan. Dapat silang maging tunay na Kristiyanong maka-Bibliya, at kailangang maging masikap sa pag-aaral ng Mapa ng Buhay. Dapat nilang masusing siyasatin at ipanalangin ang mga motibong nagtutulak sa kanila upang kumilos. Yaong mga nagnanais magtiwala kay Cristo ay dapat magsimulang pag-aralan ang kagandahan ng krus ngayon. Kung nais nilang maging buhay na mga Kristiyano, dapat nilang simulang katakutan at sundin ang Diyos ngayon. Kung nanaisin nila, maaari nilang iligtas ang kanilang mga kaluluwa mula sa kapahamakan at magtagumpay sa pagkamit ng buhay na walang hanggan." 4T 493.2

Para sa karagdagang pag-aaral, maaaring tumawag o makipag-ugnayan lamang po sa:

WhatsApp: (+63)961-954-0737

contact@advancedsabbathschool.org